Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 9/2/14 Time: 10:09 AM
By:

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x – Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Cor.Don Carlos and Guingona Sts..., Malaybalay City

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 260 2014

PARA SA : Tagamasid Pansangay /Koordeneytor
Tagamasid Pampook
Punong Guro/ Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko
Elementarya at Sekondarya
Sangay ng Malaybalay

BUHAT KAY: **EDILBERTO L . OPLENARIA**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA: **RESULTA ULIRANG GURO FILIPINO 2014**

PETSA: Agosto 27, 2014

1. Kalakip nito ang kopya ng liham mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) resulta ng *Ulirang Guro sa Filipino 2014 para* sa impormasyon at kaalaman ng lahat.
2. Si G .Armando A. Agustin ng Bukidnon National High School ang isa sa mga nanalo sa higit isandaan at dalawampung lahok *mula sa buong bansa ng mga guro sa asignaturang Filipino.*
3. Iginawad ang *Sertipiko ng pagkilala at medalyon* sa Agosto 26, 2014 ng hapon sa Bukidnon State University mula sa KWF bilang parangal sa nagwagi.
4. Hinihiling ang maaga at malawak na pagpalaganap ng Memorandum na ito.

Agosto 6, 2014

G. EDILBERTO L. OPLENARIA
Schools Division Superintendent
DepEd - Malaybalay Division
Lungsod ng Malaybalay
Probinsya ng Bukidnon



Mahal na Superintendent Oplenaria:

Magandang araw po sa inyo!

Matapos ang masusing pagpili ng lupon ng inampalan mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa higit isandaan at dalawampung kalahok para sa ulirang guro sa Filipino 2014, nais ipabatid sa inyong butihing tanggapan ang pagkapili ni **G. ARMANDO A. AGUSTIN** bilang isa sa mga nagwagi sa **Ulirang Guro sa Filipino 2014** na inilunsad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ng Sentro sa Wika at Kultura (SWAK) nitong rehiyon.

Kaugnay po nito, inaanyayahan kayong dumalo sa araw ng paggagawad ngayong darating na Agosto 19, 2014 (tentative pa po at aayusin pa ang venue at oras ng palatuntunan) upang igawad sa kanya ang sertipiko ng pagkilala at medalyon ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Maraming salamat po. Tanggapin niyo po ang aking pagbati sa tagumpay ng inyong guro. Mabuhay po kayo!

Lubos na gumagalang,

DR. RODELLO D. PEPITO
Direktor, Sentro sa Wika at Kultura
Rehiyon X

Kalakip: Ang kopya ng liham mula sa KWF

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

2 Agosto 2014

Dr. Victor M. Barroso
Pangulo
Bukidnon State University
Lungsod Malaybalay, Bukidnon

Tawag-pansin: Dr. Rodello Pepito
Direktor
Sentro ng Wika at Kultura

Mahal na Pangulong Barroso:

Matapos ang masuisng pagpili ng aming lupon ng inampalan sa higit isandaan at dalawampung lahok para sa *Ulirang Guro sa Filipino 2014*, nais ipabatid ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagkakapili kay **G. Armando A. Agustin** ng **Bukidnon National High School** bilang isa sa mga nagwagi.

Kaugnay nitó, hinihikayat ng KWF ang inyong Sentro ng Wika at Kultura sa pamamagitan ni **Dr. Rodello Pepito** na magsagawa ng programa sa **19 Agosto 2014** upang igawad kayG. Agustin ang kaniyang sertipiko ng pagkilala at KWF medalyon. Aming ipadadala ang mga ito sa **10 Agosto 2014**. Iminumungkahi rin ng KWF na maging bahagi ang gawaing ito sa pagdiriwang ninyo ng Buwan ng Wika.

Makikipag-ugnayan si Bb. Maria Christina Pangan sa inyong tanggapan para sa iba pang detalye. Para sa mga katanungan, maaari siyang tawagan sa **09064801620** o mag-email sa **pangan.christina@gmail.com**.

Lubos na nagpapasalamat ang KWF sa aktibo ninyong pakikibahagi sa *Ulirang Guro sa Filipino 2014*. Inaasahan ang patuloy ninyong pagtangkilik sa mga programa ng aming tanggapan.

Sumasainyo,

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komfil.gov@gmail.com